

Bukas ang Mobile na Sentro ng Pagbawi sa Sakuna sa Pasco County

Release Date: Oktubre 26, 2024

TALLAHASSEE, Florida. - Nagbukas ang FEMA ng isang Mobile na Sentro ng Pagbawi sa Sakuna sa Pasco County upang magbigay ng sa-bawat-isang tulong sa mga Floridians na apektado ng mga Bagyong Milton at Helene. Ang mga nakaligtas sa Bagyong Debby ay maaari ring paglingkuran ng sentro.

Ang mga nakaligtas **ay hindi** kailangang bisitahin ang isang sentro upang mag-apply para sa tulong. [Hinihikayat ang mga nakaligtas na mag-apply sa online sa DisasterAssistance.gov o sa pamamagitan ng pag-download ng FEMA App.](#) Hindi namamahagi ang FEMA ng pera sa Sentro ng Pagbawi sa Sakuna.

Lokasyon ng sentro:

Pasco County
UF/IFAS Pasco Extension - Stalling Building
15029 14th St.
Dade City, FL 33523
Mga Oras: 8 a.m.—7p.m. Lunes-Linggo

Kapag lumipat ang sentro na ito sa isang bagong lokasyon, ibibigay ang mga detalye sa publiko.

Upang makahanap ng iba pang mga lokasyon ng sentro pumunta sa fema.gov/drc o i-text ang “DRC” at isang Zip Code sa 43362. Ang lahat ng mga sentro ay naa-access ng mga taong may kapansanan o mga pangangailangan sa pag-access at pagpapaandar at nilagyan ng pangtulong na teknolohiya.

[Hinihikayat ang mga may-ari at umuupa na mag-apply online sa DisasterAssistance.gov o sa pamamagitan ng paggamit ng FEMA App.](#) Maaari ka ring mag-apply sa pamamagitan ng telepono sa **800-621-3362**. Kung pipiliin mong mag-apply sa pamamagitan ng telepono, mangyaring maunawaan na ang mga oras ng paghihintay ay maaaring mas mahaba dahil sa pagtaas ng dami ng



FEMA

Page 1 of 2

maraming kamakailang sakuna. Ang mga linya ay bukas araw-araw at magagamit ang tulong sa karamihan ng mga wika. Kung gumagamit ka ng isang relay service, may caption na telepono o iba pang serbisyo, ibigay sa FEMA ang iyong numero para sa serbisyong iyon. Para sa isang naa-access na video tungkol sa kung paano mag-apply para sa tulong pumunta sa [FEMA Accessible: Application for Individual Assistance - YouTube](#).

Para sa pinakabagong impormasyon tungkol sa pagbawi sa Bagyong Milton, bisitahin ang fema.gov/disaster/4834. Para sa impormasyon sa pagbawi sa Bagyong Helene, bisitahin ang fema.gov/disaster/4828. Para sa impormasyon sa pagbawi sa Bagyong Debby, bisitahin ang fema.gov/disaster/4806. [Sundan ang FEMA sa X sa x.com/femaregion4 o sa Facebook sa facebook.com/fema.](#)



FEMA

Page 2 of 2